REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-202

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGPAPARIP-RAP NG MAGKABILANG BAHAGI NG RIZAL STREET, POBLACION PATUNGONG NBP NA NAGKAKAHALAGA NG LIMANG DAAN DALAWAMPU'T WALONG LIBO, ANIM NA DAAN SIYAMNAPU'T SIYAM NA PISO AT WALUMPU'T SIYAM NA SENTIMO. (P528,699.89)**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang nasabing kalye ay lubha ng nakakabahala sa mga naninirahan doon at sa mga sasakyang dumaraan;

SAPAGKAT, ang magkabilang tabi ng nasabing kalye ay lubhang matitibag lalung-lalo na sa darating na tag-ulan;

SAPAGKAT, kapag ito ay hindi magagawan ng lunas ay posibleng matibag ang malaking bahagi ng kalye at tuloy maging mapanganib sa mga sasakyang magdaraan;

SAPAGKAT, ang buhay at ari-arian ay lubhang mahalaga na nang dahil dito ay nalalagay sa panganib ang mga buhay ng mga taong naninirahan dito;

SAPAGKAT, tungkulin ng mga namamahala sa bayan na pangalagaan at ayusin ang alin mang lugar ng ating bayan na naglalagay sa panganib sa ating mga mamamayan upang maiwasan ang anumang sakuna na maaaring idulot nito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng kapasiyahan na pinagtitibay ang pagpaparip-rap ng magkabilang bahagi ng Rizal Street, Poblacion patungong NBP na nagkakahalaga ng Limang Daan Dalawampu't Walong Libo, Anim na Daan Siyamnapu't Siyam na Piso at Walumpu't Siyam na Sentimo (P528,699.89)

PINAGTIBAY ng higit na nakararaming kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 164th regular na pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Hulyo sa Bulwagan ng People's Center.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

(Hindi lumahok)
KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts